

# KANSER SA BAGA

ang #1 na dahilan ng mga kamatayang dulot ng kanser sa mga Asyanong Amerikano.<sup>1</sup>



## ALAMIN ANG KATOTOHANAN. LUMABAN NANG MAY TAMANG KAALAMAN.

### MGA MALING AKALA AT KATOTOHANAN NG KANSER SA BAGA



#### MALING AKALA

Mga naninigarilyo lamang ang nagkakaroon ng kanser.

#### KATOTOHANAN

1 sa 3 Asyanong pasyente na may kanser sa baga ay hindi nanigarilyo kailanman.<sup>2</sup>



#### MALING AKALA

Ang kanser sa baga ay hindi karaniwan sa mga babae.

#### KATOTOHANAN

Bawat taon, mas madami ang mga Asyanong babae na namamatay sa kanser sa baga kaysa sa kanser sa suso.<sup>1</sup>



#### MALING AKALA

May iisang uri lamang ng kanser sa baga.

#### KATOTOHANAN

Ang kanser sa baga ay hindi iisang uri ng sakit lamang. Ang paggamot ay magkakaiba depende sa uri ng kanser sa baga.



#### MALING AKALA

Ang kanser sa baga ay hindi nagagamot.

#### KATOTOHANAN

Ang mga pagsulong sa mga opsyon sa pagsusuri at paggamot ay nagbibigay sa mga pasyente na may kanser sa baga ng pag-asa ng mas mabuting kalalabasan ng paggamot.<sup>3,4,5</sup>

### MGA KARANIWANG SINTOMAS NG KANSER SA BAGA



Patuloy na pag-ubo



Pag-ubo na may dugo



Pananakit ng dibdib



Pagkahingal



Di maipaliwanag na pagbaba ng timbang

Makipagkita sa inyong doktor kung ang mga sintomas ay nagpapatuloy. Ang pagkakaroon ng mga sintomas na ito ay hindi agad nangangahulugang kayo ay may kanser sa baga.

### PAGGAMOT SA STAGE 4 NA KANSER SA BAGA



#### SURIIN

ang inyong kanser sa baga para sa lahat ng mga karaniwang biomarker.



#### ALAMIN

ang lahat ng resulta ng mga pagsusuri sa biomarker.



#### GAMUTIN

ayon sa kumpletong diagnosis.

Kapag kayo ay nasuring positibo sa actionable na mutation,

**magtanong tungkol sa mga targeted na therapy.**

Ang mga targeted na therapy ay maaaring makapagbigay sa inyo ng pinaka-magandang pagkakataong mabuhay nang mas matagal.<sup>3,4,5</sup>

Para matuto nang higit pa tungkol sa kanser sa baga, bisitahin ang [TreatYourLungCancer.com/fil](http://TreatYourLungCancer.com/fil)

1. American Cancer Society. Cancer Facts & Figures 2019. Atlanta, GA: American Cancer Society; 2019. 2. Toh CK, Gao F, Lim WT, et al. Never-smokers with lung cancer: epidemiologic evidence of a distinct disease entity. *J Clin Oncol*. 2006;24(15):2245-2251. 3. Kris MG, Johnson BE, Berry LD, et al. Using multiplexed assays of oncogenic drivers in lung cancers to select targeted drugs. *JAMA*. 2014;311(19):1998-2006. 4. Gutierrez ME, Choi K, Lanman RB, et al. Genomic profiling of advanced non-small cell lung cancer in community settings: gaps and opportunities. *Clin Lung Cancer*. 2017;18(6):651-659. 5. Singal G, Miller PG, Agarwala V, et al. Association of patient characteristics and tumor genomics with clinical outcomes among patients with non-small cell lung cancer using a clinicogenomic database. *JAMA*. 2019;321(14):1391-1399.